| | | |
|---|---|---|
| PhilHealth Your Partner in Health | **TAMANG SAGOT (TS)**<br>**Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular** | |
| | **Circular No.** | **PhilHealth Circular No. 2022-0003** |
| | **Title** | Benefit Packages for Inpatient Management of Confirmed Coronavirus Disease (COVID-19) and Clarification of Coverage of Probable Cases |

| Tanong | Sagot |
|---|---|
| 1. Ano-anong mga serbisyo ang nakapaloob sa benefit package ng mga pasyenteng kumpirmadong may COVID-19 na na-admit sa ospital? | Sakop ng benepisyo para sa mga pasyenteng kumpirmadong may COVID-19 na na-admit sa ospital ay ang mga sumusunod:<br><br>a. Room and board;<br>b. Intensive care services;<br>c. Staff time;<br>d. Personal protective equipment (PPE);<br>e. Diagnostic and monitoring procedures;<br>f. General and supportive therapeutics;<br>g. Drugs and medicines; at<br>h. Professional fees |
| 2. Sino-sino ang mga pwedeng makinabang sa benepisyong ito? | Matapos maging epektibo ang bagong polisiyang ito, ang lahat ng pasyenteng kumpirmadong nag-positibo sa COVID-19 base sa aprubadong confirmatory test ng PhilHealth, at maa-admit sa ospital, ay kwalipikado sa benepisyong ito.<br><br>Samantala, kabilang sa inpatient case severity classification ay ang mga sumusunod:<br><br>1. Mga benepisyaryo ng National Health Insurance Program (NHIP);<br>2. Miyembro ng PhilHealth at kanilang mga kwalipikadong dependent;<br>3. Mga Filipinong hindi pa rehistrado sa programa ng NHIP, sa kondisyon na magpapasa ng PhilHealth Member Registration Form (PMRF);<br>4. Mga banyagang miyembro ng NHIP na nagtratrabaho sa Pilipinas o miyembro ng informal economy sector alinsunod sa umiiral na mga alituntunin ng PhilHealth upang maging karapat-dapat sila sa benepisyo. |

| | |
|---|---|
| 3. Ano-anong mga serbisyo ang hindi sakop ng benepisyong na ito? | Hindi sakop ng benepisyong ito, at maaaring singilin ng ospital sa mga pasyente kung kinakailangan, ang mga sumusunod:<br>1. Mga gamot na hindi kasama Philippine National Formulary.<br>2. Mga kagamitang medikal na hindi aprubado ng Food and Drugs Administration (FDA) o walang positibong recommendasyon mula sa Health Technology Assessment Council (HTAC). |
| 4. Saan maaaring ma-avail ang benepisyo ito? | Upang maging kwalipikado, ang pasyenteng kumpirmadong nag-positibo sa COVID-19 ay dapat na ma-admit sa pagamutan nang higit sa 24 oras.<br>Upang makatiyak ng dekalidad na serbisyo, maaaaring magamit ang benepisyong ito sa mga sumusunod na antas ng pasilidad:<br>1. Para sa mga severe at critical case type na COVID-19, ito ay maaaring magamit sa mga accredited levels 2 at 3 (L2, L3) na ospital maliban sa mga natatanging sitwasyon na inaprubahan ng PhilHealth.<br>2. Ang mga DOH-licensed Level 1 na ospital na mayroong intensive care units (ICU) o may karagdagang lisensya para Temporary Intensive Care Units (TICUs) ay maaaring makapagsumite ng kanilang claims para sa severe at critical case types ayon sa mga naaangkop na patnubay at alituntunin na inilabas ng DOH.<br>Upang mabayaran ang Level 1 na ospital na mayroong TICU, kinakailangan na magsumite sila ng aplikasyon para sa re-accreditation batay sa kasalukuyang alituntunin ng PhilHealth. |
| 5. Maaari bang magpasa ang miyembro ng sarili nilang claims application sa opisina ng PhilHealth | Ang Direct filing ay maaari lamang gawin base sa mga sumusunod na sitwasyon:<br>1. Kapag hindi makakuha ng mga dokumento dahil nataon sa araw |

| | |
|---|---|
| o yung tinatawag na direct filing? | ng bakasyon o araw ng pahinga.<br><br>2. Ibang katulad na sitwasyon gaya ng pagtanggi o bigong maibawas ng ospital ang benepisyo sa bayarin ng pasyente bago pauwiin. |
| 6. Ano-anong mga alituntunin ang nilinaw sa bagong polisisya ito? | Ang mga nilinaw na alituntunin para sa pakete ng inpatient COVID-19 ay ang mga sumusunod:<br><br>1. Maaaring makakuha ng benepisyo para sa inpatient COVID-19 package ang mga suspect cases alinsunod sa klinikal na sintomas at palatandaan ng COVID-19 nang hindi alintana ang resulta ng RT-PCR sa mga pasyenteng naospital mula Abril 15, 2020 hanggang Hunyo 18, 2021.<br><br>2. Ang mga suspect COVID-19 na pasyente na mayroong negatibong resulta ng RT-PCR na naospital mula Hunyo 19, 2021 hanggang Oktubre 30, 2021 ay maaring makakuha ng Intermediate Package alinsunod sa naaangkop na alituntunin ng PC No. 2021-0020.<br><br>3. Ang mga pasyenteng may negatibong resulta ng RT-PCR mula Oktubre 31, 2021 hanggang sa kasalukuyan ay maaaring makakuha ng benepisyo ayon sa naangkop na All Case Rate (ACR). |